

Erap Laki-Mata, Gloria Laki-Nunal: Politikal na Pagkakarnabal sa Tulansangan

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA

UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN

ABSTRAK

Sinisiyasat ng papel na ito ang transgresibong potensyal ng mga tulansangan o maiigsing tula at tugma na ginagamit ng mga bata sa kanilang paglalaro sa lansangan. Kalakhan ng mga tulansangan ay nakolekta sa pakikipanayam sa mga batang may gulang na anim hanggang 12 taon at nagmula sa sektor ng maralitang lungsod ng Quezon City. Ang mga nilalaman at tema ng mga tulansangan ay inalaray sa pagsusuring moda ng produksyon. Sa partikular, ipinapakita sa pag-aaral kung paanong ang mga tulansangan ay naging paraan ng interpretasyon at kritika ng politika, ekonomiya at kultura ng Pilipinas mula sa punto de bista ng isang mardyalisadong sektor ng lipunan.

TUNGKOL SA AWTOR

Si Michael Francis C. Andrada, o Mykel, ay nagtuturo sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Kasalukuyan siyang Associate Director ng PinoyMedia Center, Inc., isang alternatibo at progresibong organisasyon ng mga mamamahayag at taong-midya. Tuon ng mga pag-aaral ni Mykel ang panitikan, kulturang popular at araling midya.

Susing salita: tulansangan; politikal na pagkakarnabal; Gloria laki-nunal; Erap laki-mata; mardyalisadong sektor

Lampas sa pagtingin na inosente at payak magdalumat ang mga bata, mamamasdan sa mga tulansangan (tulang lansangan), at iba pang panitikang likha mismo o naasimila sa lansangan ng mga bata, ang malalim na dungkal ng kolektibong karanasang politikal ng bansa. Tulad ng anumang produksyon at reproduksyong pampanitikan at pangkultura, hindi hiwalay ang mga tula't tugmang mismong mga bata ang umakda sa pangkalahatang karanasan ng bansa sa larangan ng politika, kultura at ekonomiya. Sa katunayan, inilulugar ng pag-aaral na ito ang tulansangan bilang bahagi ng kontinuum (continuum) – pagpapatuloy at pagbabago – ng mga tulang katutubo at tulang bayan sa konteksto ng mga pagbabagong kasaysayan ng bansa. At sa ganung punto, ang mga tulansangan ay bunga at interpretasyon ng partikular na mga kagapanan sa bansa, mula sa punto de bista ng isang mardyinalisadong sektor sa bansa – ang maralitang lungsod, at mula sa punto de bista ng bata.

Nasa pagpapatuloy ng pag-aaral ng Bakhtinian carnivalesque o Bakhtinian laughter ang pag-aaral na ito. Ayon kay Bakhtin: "Laughter has a deep philosophical meaning, it is one of the essential forms of the truth concerning the world as a whole, concerning history and man; it is a peculiar point of view relative to the world; the world is seen anew, no less (and perhaps more) profoundly than when seen from the serious standpoint. Therefore, laughter is just as admissible in great literature, posing universal problems, as seriousness. Certain essential aspects of the world are accessible only to laughter" (66). Sinisipat ng pag-aaral na ito ang politikal na pagkakarnabal na naisasagawa ng mga bata sa pamamagitan ng mga tulansangang kanilang nalikha o natutunan bilang interpretasyon, muling-paglikha at kritika ng politika, ekonomiya at kultura ng bansa. Mula sa praktika ng pagkakarnabal ay may mahihiwatigang transgresibong potensiyal ang mga tulansangan.

ETNOGRAPIYA AT PAGLANSANG SA TULANSANGAN

Kalakhan ng mga tulansangang ito ay nakalap noong mga taong 2005 at 2007, panahon ng panunungkulan ng dating pangulong Gloria Macapagal-Arroyo, mula sa mga bata (edad anim hanggang 12) na naninirahan sa mararalitang bahagi ng Lungsod Quezon; mga batang kabilang sa mababang uring panlipunan. Nangangahulugan ito na normatibong bahagi ng araw-araw na pamumuhay ng mga batang maralita ng lungsod ang ganitong uncensored na wika at panitikan. Hindi ito nangangahulugan na "hindi sibilisado" o "imoral" ang mga batang ito bagkus ay ipinapakita na bahagi ang ganitong erudisyon ng panitikan at kultura ng kahirapan.

Mayroong 33 lugar sa Lungsod Quezon ang pinaghanguan ng primaryang batis ng mga tulansangan. Istratehiko ang mga lugar na ito sapagkat mayroong konsentrasyon ng kabataang lagi't laging naglalaro sa mga lansangan. Iba-iba rin ang katangian ng mga lugar. Bagama't mayroong mga subdivision o lokus ng konsentrasyon ng mga batang nasa panggitnang uri, mas marami ang mga lunan ng konsentrasyon ng mga batang nasa mababang panggitnang uri hanggang sa mababang uri. Mayroon ring ilang mababang paaralan, pampubliko at pribado, na napaghanguan ng mga tulansangan. Filipino ang pangkabuuang lenggwaheng ginagamit sa mga tulansangan sa Quezon City. Nakalista sa ibaba ang ispesipikong mga lugar sa Quezon City na pinagkuhanan ng mga tulansangan:

1. Krus na Ligas, Diliman
2. Balintawak
3. Pascual Subdivision, Baesa
4. Road 1, Pag-asa
5. Proj. 8
6. Marytown, Katipunan
7. 2, Diliman
8. Project 6
9. Fairview Elementary School, Dona Carmen Subdivision, Fairview
10. Commonwealth Elementary School, Dona Carmen Subd., Fairview
11. Phase IV, Palmera Homes, Fairview
12. Fairmont 1 Subdivision, Fairview
13. Bayanihan St. Ext., Batasan Hills
14. Bayanihan St., Batasan Hills
15. U.P. Village
16. Pansol, Balara
17. Loyola Heights
18. Unibersidad ng Pilipinas, Diliman
19. La Loma
20. Brgy. Sta. Teresita, Sta. Mesa Heights
21. New Era Elementary School, Tandang Sora
22. New Era Day Care Center, Tandang Sora
23. Culiati, Tandang Sora
24. Area 9, Vet. Village
25. Diliman Preparatory School, Commonwealth Ave.
26. Mines Elementary School, Vasra Village, Project 6
27. St. Mary's College, Mother Ignacia St.
28. Litex
29. Don Antonio Heights
30. Barangay Holy Spirit

31. U.P. Bliss
32. West Triangle
33. Payatas A

Ang pagtalakay sa urbanisasyon ay nakapokus sa kalakhang Maynila. Depinitibo ito sapagkat ang pinagmulan ng mga tulansangan ay ang Quezon City, ang pinakamalaking siyudad sa Metropolitan Manila. Ayon sa National Statistics Office noong 2000, sa tinatayang 9,932,560 na populasyon sa kalakhang Maynila, 2,173,831 katao ang naninirahan sa Quezon City. Hindi rin ito nakapagtataka sapagkat ang Quezon City rin ang may pinakamalaking land area (161.12 sq kms) sa mga siyudad at munisipalidad sa Metro Manila.

Bagamat mga tulansangan mula sa Quezon City ang pinakamaraming textong susuriin sa pag-aaral na ito, gumagamit din ng mga tulansangan mula sa iba pang lugar sa Kamaynilaan at ilang piling lugar sa kalakhan ng Pilipinas, upang gamiting intertexto at para sa komparatibong pagsusuri ng continuity ng mga tulansangan. Maaaring tingnan ang apendiks para sa mga partikular na lokasyon ng mga tulansangang ito. Para sa pagsusuri ng kasaysayan ng urbanisasyon sa bansa, minarapat na magpokus lamang sa mga proyekto ng urbanismo sa kalakhang Maynila simula noong panahon ng Kolonyalismong Kastila hanggang sa kasalukuyan. Ang Quezon City ang pinakamalaking siyudad sa Kalakhang Maynila.

Isang hakbang lang ang pag-aaral na ito sa mas malaking proyekto ng paglulugar ng tulansangan sa kasaysayang pampanitikan sa Pilipinas. Para sa pag-aaral na ito, ang pokus ay nasa kasalukuyang pang-ekonomiyang kondisyon ng Pilipinas bilang malakolonyal at malapyudal. Samakatuwid, anumang pagbasa't pagsusuri sa porma't nilalaman ng mga tulansangan ay masisilo bilang pagtalunton sa produksyong pampanitikan sa malakolonyal at malapyudal na kalagayan ng bansa. Nangangahulugan ito na ang pinakamalaking ambag ng pag-aaral na ito ay sa kritisismong pampanitikan – ang pagsaludsod sa tulansangan sa pamamagitan ng tinatawag na “analisis ng moda ng produksyon.”

Ilan sa mga terminolohiyang pampanitikan ang mahuhubog mula sa teorya at praxis ng kilusang makabayan sa Pilipinas, sa partikular ng Kilusang Pambansa Demokratiko. Mula sa mabilisang mga progresibo't makabayang dula sa lansangan noong panahon ng Batas Militar, sumulpot ang terminong “dulansangan” o dulang itinatanghal sa lansangan. Ang orihinalidad ng dulansangan ay nakasandig sa mabilis na pagtugon ng mga manggagawang-kultural at ng

kanilang inoorganisang masa sa hamon ng panahon. Paglaon, pumasok na sa imahinasyong pampanitikan ng Pilipinas ang estetika at kasaysayan ng dulansangan. Magkakaroon rin ito ng kaugnay na terminong “dulang-iglap,” na ang katangian ay mas maiglap kaysa sa mas mabilis dahil hinahamon nito ang mga patakaran tulad ng Sedition Law of 1901 na laban sa karapatan ng mga mamamayan. Partikular na inaasinta ng mga batas tulad nito ang mga makabayang indibidwal at kilusan. Ayon nga kay Amado Guerrero, ang mga batas tulad ng Sedition Law of 1901 ay ipinasa ng imperyalismong Estados Unidos upang ipakete ang mga operasyong militar laban sa mamamayan bilang operasyong pampulisya laban sa mga ordinaryong kriminal. Sa istrategyang ito, tinaguriang bandido ang mga makabayan. Ang mga mamamayan sa malalawak na erya ay tinipon sa mga kampo ng militar upang ihiwalay sila sa mga makabayang gerilya (19).

Sa panahon ngayon ng makabagong imprenta at digital na midya, pinasimulan ni Dr. Josephine Barrios ang proyektong “publikasyong-iglap” na agarang tumutugon sa mga napapanahong isyung sosyo-politikal tulad ng pyudalismo (masaker sa Hacienda Luisita), imperyalismo at burukrata kapitalismo (politikal na pamamaslang sa ilalim ng rehimeng Estados Unidos-Gloria Macapagal-Arroyo). Sa linyang ito inihaharap ng mananaliksik ang terminong “tulansangan” o “tulang lansangan.” Paano ito naiiba, at paano ito nasa pampanitikang diskurso ng “tulang bayan” o “tulambayan”? Ano ang sandigan sa pagbubunsod ng terminong “tulansangan”?

Malaki ang pagkakaiba ng dalawang termino dahil operatibo ang mga katagang “lansangan” at “bayan.” Malinaw ang impluwensiya ng pagbabago sa pang-ekonomiyang moda ng produksyon – na mababanaag din sa pagbabago ng moda ng urbanisasyon – sa pormulasyon ng dalawang termino. Sa kaso ng “tulang bayan,” ito’y produksyong pampanitikan na maikakawing sa sistema ng reduccion ng kolonyal na gobyerno ng mga Kastila. Ayon kay Resil Mojares, ang reduccion ay ang palisiyang Kastila ng paglipat at pagsasama ng kalat-kalat at watak-watak na katutubong populasyon sa mga pirmi at konsentradong komunidad sa paligid ng iglesia o simbahan. (171)

Malinaw sa sistemang ito ang pagtatakda ng dibisyon ng “bayan” laban sa “bundok” at “bukid” (Mojares 179). Ito mismo ang kolonyal na urbanisasyong humuhulma sa kaligiran, katawan at kamalayan ng kinokolonisa – sa ilalim ng kapangyarihan ng kampana ng simbahan (bajo de las campanas). Dahil ang konsentrasyon ng kolonyal na kapangyarihan ay nasa loob ng pueblo, tinawag na “tagabayan” ang mga “indio” na nagpaloob sa sistemang pueblo. Habang ang remontados at vagamundos (Mojares 179) naman ay pinaratangang

“taga-bukid” at/o “taga-bundok.” Sa proyektong urbanisasyon rin ng mga Kastila ihuhulma ang pagpopook sa Pilipinas, mula sa pagtatayo ng mga munisipyo’t simbahan hanggang sa paglalatatag ng mga kalye.

Ngunit ang nosyon ng “bayan” ay magbabago sa pagtataguyod ng mga Katipunero ng rebolusyonaryong gobyerno. Maitatanghal sa mga panitikan ng Katipunan ang mga kataga’t konseptong “Inang Bayan,” “anak ng bayan,” at mga katulad na terminolohiya. Samakatuwid, nabigyan ng rebolusyonaryong katangian ang katagang bayan, lampas sa orihinal nitong kolonyal na pakahulugan. Paglaon, sa pagsusulat ng kasaysayang pampanitikan ng bansa, at sa pagdalumat na isinasakatuparan ng mga folklorista, mabubuo ang nosyon ng “panitikang bayan” na mahigpit na nakasandig sa produksyong pampanitikan ng masang sambayanan (kalakhan ay magsasaka, manggagawa, maralita, kababaihan at iba pang mardyinalisadong sektor).

Kung ang nosyon ng “bayan” pagdating sa panitikan at kultura ay nauna nang ikinabit ni E. Arsenio Manuel sa pangkaalamang-bayan (6), sa mas partikular, lalandasin ni Monico M. Atienza ang pagpapatuloy sa kasalukuyan ng naunang rebolusyonaryong pormulasyon ng pantikang bayan sa imahinasyong pampanitikan ng mga Katipunero. Mula sa anti-kolonyal na paghulma ng Katipunan sa panitikang bayan, tatahiin ito ni Atienza sa panitikang bayang may oryentasyong Pambansa Demokratiko sa kasalukuyan. Sa katunayan, binigyang-diin ni Atienza na ang mga “alagad at manunulat ng panitikang bayang pangkanayunan ang matibay na pundasyon ng pagpapalaganap at popularisasyon ng panitikan at sining ng sambayanang Pilipino.... Sa esensya’y nakakonteksto ang ganitong pagtutulungan sa pambansang demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pilipino – na sa kaibuturan ay pinangungunahan ng abanteng distakamento ng alyansa ng mga manggagawa at magsasakang Pilipino (36).

Samakatuwid, pinoprojekto ni Atienza sa sanaysay na ito ang halaga at bisa ng panitikang bayang pangkanayunan², bilang pagkilala na sa kanayunan matatagpuan ang mayorya ng mamamayan ng Pilipinas – ang mga magsasaka. Mula sa mga pag-aaral na tulad nito mahihimay ang nosyon ng “tulang bayan.”

Sa kaso ng tulansangan, produkto ito ng neokolonyal na urbanisasyon sa bansa. Sa panahon ng imperyalismong Amerikano, naging mas agresibo ang mga proyektong pangkaunlaran ng bagong kolonyal na gobyerno. Ayon nga kay Amado Guerrero, tumubo

nang malaki ang mga korporasyong Amerikano mula sa mga kontrata sa pagpapagawa ng mas marami pang kalsada, tulay, daungan at iba pang pasilidad na pangtransportasyon (21). Sa gayong obserbasyon, maisisinulid ang mga tula't tugmang matatagpuan sa lansangan bilang produkto ng lokus o lunan, at produkto ng ideolohiyang lumikha sa lokus ng lansangan – at ito, sa pangunahin, ang mga dambuhalang kapitalistang korporasyon mula sa Estados Unidos at Hapon.

Kalakhan ng mga proyekto ng urbanisasyon ay nakatali sa pagtatayo ng mga gusali't imprastruktura. Sa pagtindi ng krisis pang-ekonomiya sa bansa, maging ang nosyon ng urbanisasyon ay makikitang nagbabago. Mula sa mga pampublikong eskwelahan at lansangan, ang moda ng urbanisasyon ay lilipat sa pagtatayo ng mga pabrika't export-processing zones, hanggang sa mga flyover at skyway. At sa kasalukuyan, ang pinaka-“progreso” ng neokolonyal na urbanisasyon ay ang pre-modernong pagpopook ng mga mall, LRT at MRT, imprastruktura ng telekomunikasyon tulad ng cellular at internet sites, at ang pinaka-“urbanisado” sa lahat, ang mga gusali ng call centers. Samakatuwid, kung ikakawing sa mas malaking saklaw ang tulansangan, ito ay produksyong pampanitikan sa konteksto ng krisis ng isang malakolonyal at malapyudal na sistemang pang-ekonomiya. Sa sistemang ito, kroniko ang krisis – nangangahulugang palala nang palala ang krisis – at sa pag-aaral na ito, sasaludsurin mula sa mga texto ng tulansangan ang samu't saring mukha ng kronikong krisis na ito.

Makikita ang pagtataguyod ng proyektong urban ng global na kapitalismo sa kasalukuyan sa maraming mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas. Sa partikular, paulit-ulit ang investment at/o tulong-pinansiyal sa Pilipinas ng mga kapitalistang bansang tulad ng Hapon at Estados Unidos sa porma ng rehabilitasyon ng mga daan, rekonstruksyon ng mga baryo, pagpapatayo ng mga flyover at pagpapaandar ng mga de-kuryenteng tren. Habang nahihibo dito ang nakapailalim na nosyon ng “war reparations” ng Hapon at Estados Unidos, ito rin mismo ang proyektong urban ng naturang mga imperyalistang bansa na siya ring isa sa pinagkukunan ng korupsiyon ng mga burukrata kapitalista sa bansa. Ani Guerrero, sa bawat pihit sa kasaysayan ng burukrasya sa Pilipinas, mayroong mga espesyal na pinagmumulan ng pangungurakot ang pambansang burgesya. Kabilang dito ang pautang sa pananim, mga relief good, labis na produktong panggiyera, pondong pangrekonstruksyon, kota sa imigrasyon, kontrol sa importasyon at presyo, alokasyon ng dolyar, bangkong rural, pekeng kooperatiba, reparasyong pandigma mula sa Hapon, banta ng deportasyon, naturalisasyon ng mga banyaga, konsesyon sa pagtotrosa at pagmimina, paupa sa lupa, manipulasyon sa

stock exchange, utang at subskripsyon ng gobyerno sa mga pribadong korporasyon, alawans ng mga kongresista, pondong pangkalamidad, pondo para sa pagpapaunlad ng mga baryo, subsidyo at marami pang iba (118).

Kasabay ng ilusyon ng urbanisasyong ito ang pagtingkad din ng delusyon ng urbanisasyon – ang mga manipestasyon ng krisis ng global na kapitalismo sa bansa – na nakakawing o matatagpuan sa lansangan: batang lansangan, maralitang tagalungsod, street food, sarisari store, sex trade sa lansangan (callboy, callgirl), welga, rali, at iba pang uri ng demonstrasyon. Mula sa penomenong ito ng mga “krisis-lansangan” masisinsin ang produksyon at reproduksyon ng “tulansangan.” Ang rekomendasyon ng paggamit ng terminong “tulansangan” para sa pag-aaral na ito ay nakahulma sa tradisyon ng pangkulturang rebolusyon na pinalawig ng Kilusang Pambansa Demokratiko sa bansa. Ang pagtatagni ng tulansangan bilang bahagi ng penomenon ng mga batang lansangan, krimeng lansangan at iba pang manipestasyon ng krisis pang-ekonomiya sa lansangan ay iminungkahi ni Dr. Ramon Guillermo noong Pebrero 2007.

Maaaring basahin ang tulansangan sa dalawang paraan. Una, na mayroon itong posibilidad na maging tagabitbit ng nosyon ng reaksyonaryong kulturang politikal ng estado at global na kapitalismo. Ikalawa, na mayroon itong subersibo at transgresibong posibilidad bilang kapwa sintomas at satirika sa malakolonyal at malapyudal na kulturang politikal ng bansa.

Ano ang posibilidad na maging tagapagpalaganap ng reaksyonaryong kulturang politikal ng estado at global na kapitalismo ang mga tulansangan? Katulad ng iba pang produkto ng global na kapitalismo sa Pilipinas, masasabing walang ipinagkaiba – liban sa oralidad – ang mga tulansangan sa mga text message, blog, textchat, e-mail, photoblog, video blog at iba pa. Habang ipinamumutawi ng global na kapitalismo ang nosyon ng “makabagong urbanisasyon,” nakatali pa rin ang mga produktong nabanggit, kabilang na ang tulansangan, sa konsumeristang ko-optasyon ng mga pamahiin, mito at iba pa. Halimbawa nito ang pagpapalaganap ng mga “chain texts” na nakasandig sa Folk Catholicism. Pre-modernong mga konsepto ito. Ang pre-modernismong ito ang mismong kinakatawan ng isang tipo ng “reaksyonaryong modernismo” na nag-iimbudo sa mamamayan sa isang ilusyon ng modernismo ngunit ang pangunahing tunguhin ay para sa ganansiya ng reaksyonaryong estado. Halimbawa nito ang ideolohikal na asinta ng “moderno’t urbanisadong” konsepto ng

blue/pink na footbridges at urinals ng Metro Manila Development Authority. Tila moderno ang kulay, feminisado pa nga kung tutuusin, ngunit sa likod ng matingkad at feminisadong kulay ay ang bigat ng batas ng naghaharing estado. Sa ganitong aspeto maaaring tingnan ang posibilidad na maging tagapagpalaganap ang tulansangan ng reaksyonaryong pulitika ng estado. Halimbawa nito’y ang proliperasyon sa tulansangan ng mga kaisipang klasista, rasista, imperyalista, sexista at kontra-rebolusyonaryo.

Ngunit sa isang banda, bagamat maaaring magtaglay ng reaksyonaryong ideolohiya ang ilang tulansangan, makakatas na ito rin mismo ang sintomas o manipestasyon ng krisis panlipunan. Sa panitikan sa Pilipinas, malaki ang potensyal na maikawing sa Tradisyong Protesta at Tradisyong Rebolusyonaryo ang mga tulansangan, laluna’t marami sa mga tulansangan ang kakikitaan ng lantad na temang politikal at satirikal. Halimbawa nito’y ang mga tulansangan na pinagtatawanan ang pisikal na kaanyuan ng mga pangulo ng Pilipinas tulad nina Joseph Estrada at Gloria Macapagal-Arroyo. O hindi kaya’y pagsasatugma ng konsepto ng “terrorismo” ayon sa dikta ng imperyalismong Estados Unidos.

ANG DI-PANTAY NA PAG-UNLAD NG/SA TULANSANGAN

Marapat saludsurin ang pag-aaral ng mga tulansangan sa Marxistang pagdalumat ng di-pantay na pag-unlad o “uneven development.” Masusuma ang dalumat na ito sa pahayag ni Karl Marx:

Ang konsepto ng progreso, sa pangkabuuan, ay hindi dapat unawain sa palasak na abstraktong porma Ang disproporsyong ito ay hindi kasinghalaga at hindi kasinghirap maunawaan sa loob ng kongkretong relasyong panlipunan Ngunit ang pinakamahirap na puntong nararapat talakayin rito ay kung paanong ang mga relasyon sa produksyon bilang ligal na relasyon ay bahagi ng di-pantay na pag-unlad na ito. (akin ang salin)

(The concept of progress is on the whole not to be understood in the usual abstract form This disproportion is not as important and difficult to grasp as within concrete social relations However, the real difficult point to be discussed here is how the relations of production as legal relations take part in this uneven development.) (149)

Ang historisidad ng di-pantay na pag-unlad ng mga bansa ay bunga ng antagonismo sa relasyon sa produksyon. Ikakawing ito ni Rolando B. Tolentino sa paghinuha ng uri ng

pag-unlad o progreso sa siyudad. Ani Tolentino, “dapat muli’t muling alalahanin na ang konsepto ng urban ay paratihang nakapaloob sa uri ng di-pantay na pagkaunlad. Ang uneven development ang kawalang organisador (absent organizer) ng karanasan sa syudad” (100).

Samakatuwid, kung ang di-pantay na pag-unlad ang kawalang organisador sa karanasan sa siyudad, maisisinulid ito sa produksyon ng tulansangan. Na ang tulansangan ay inorganisa ng di-pantay na pag-unlad na ito. Bunga ang tulansangan ng relasyong pangkapangyarihan, pang-ekonomiya, pangkultura at pampolitika sa pagitan ng mga bata’t mamamayan at ng mga nagpapatakbo sa lipunan. Makikita sa mga tulansangan ang kalagayang pang-ekonomiya ng mga mamamayan, ang hindi pantay na kaunlaran.

Dahil habang may nosyon ng progreso at pagkaunlad sa siyudad, makikita na malaking bahagi ng mga siyudad ay lugmok sa hirap habang nagtatayugan ang gusali ng mga negosyante at kabilang sa nakatataas na saray ng lipunan. Ito mismo ang lohika upang maipahunos ang diskurso ng uneven development. Kung gayon, hindi lamang representasyon ng di-pantay na pag-unlad ang mga tulansangan kundi mismong manipestasyon ito ng di-pantay na pag-unlad.

Sa pagsaalang-alang sa dalumat ng di-pantay na pag-unlad, masisilo na hindi rin pantay ang pag-unlad ng mga tulansangan. Dalawa ang distinktong nalilikha ng di-pantay na pag-unlad: Una, ang ligal na mga produksyon – ang kapital; Ikalawa, ang iligal na mga produksyon – ang labis. Naipamalas sa pag-aaral ang ligal na mga produksyon katulad ng mga tulansangan bilang monopolyo kapital. Habang ang iligal na produksyon naman ay ang mga tulansangang labis na mahihibuan ng ispasmodikong pag-asinta sa patriarka, metropolis at estado.

TULANSANGAN AT ANG IMPORMAL NA EKONOMIYA

Mababanaag sa maraming tulansangan bilang labis na produksyon ng di-pantay na pag-unlad ang samu’t saring manipestasyon ng krisis sa isang malakolonyal at malapyudal na bansa. Sa siyudad, bagama’t may ilusyon ng pag-unlad, masisinop sa mga tulansangan ang delusyon ng pag-unlad. Hindi lamang mga delusyon kundi delubyo ng patong-patong na krisis at kahirapan ang masasapo mula sa mga tulansangang ito. Mamamasdan ang mga krisis na ito sa pagpapatimo ng mga tulansangan tungkol sa impormal na sektor at impormal na ekonomiya ng siyudad at bansa. Mula sa impormal na sektor ng mga batang lansangan

at “rugby boys” hanggang sa impormal na ekonomiya ng pagkaing-lansangan o “street food” at ng ilegal na droga sa bansa, makikita ang ilegal na produksyon ng mga labis at basura ng di-pantay na pag-unlad.

Mula sa mga payak na pagpapahayag ng pang-araw-araw na buhay sa mga tulansangan, makikita ang realidad ng buhay sa siyudad, lalo na ang realidad ng buhay ng mga isinasagilid sa siyudad. Mula sa mga naratibo ng kahirapan hanggang sa diskurso ng pagbalikwas. Halimbawa, sa tulansangang “Batang-bata ka pa, Nag-asawa ka na” (Babila at Racal), naipapamalas ang katotohan hindi lamang ng maagang pag-aasawa kundi ng suliranin ng masa hinggil sa labis na pag-aanak at sa pagbuhay sa pamilya:

Batang-bata ka pa nag-asawa ka na
Nanganak ng lima, namatay ang isa
Ganyan talaga ang buhay
Bakla, tomboy, nag-aaway
Dahil sa isang tinapay (Babila at Racal)

Makikita ito sa unang dalawang linya ng naturang tulansangan: “Batang-bata ka pa nag-asawa ka na / Nanganak ng lima, namatay ang isa.” Susundan ito ng linyang “Ganyan talaga ang buhay” na malinaw na nagpapahiwatig ng malawak na kahirapan sa siyudad at sa buong bansa.

Tila magiging “kakatwa” naman ang poetikong sitwasyon sa pagpapatuloy ng tulansangan: “Bakla, tomboy, nag-aaway / Dahil sa isang tinapay.” Sa unang basa o dinig, ang mga linyang ito ay maaaring ituring na simpleng pormulasyon ng pagpapatawa. Gayun pa man, napakalalim ng sinasabi nito tungkol sa sitwasyon ng mamamayan sa isang malakolonyal at malapyudal na estado. Makikita kung gaano kalaki ang saklaw ng kagutuman sa siyudad-bansa. Ang distinktong dimensiyon ng tulansangang ito ay nakasipi sa pagtatanghal na ang “nag-aaway / dahil sa isang tinapay” ay isang bakla at tomboy. Napakalalim ng dimensiyong ito sapagkat, taliwas sa pag-istiryotipo sa mga bakla at lesbiana bilang ang pangunahing suliranin ay ang paghahanap ng sekswal na kaluguran, ang batayang pangangailangan ng masa – kabilang ang masang bakla at lesbiana – ay pagkain at iba pang pangangailangang pang-ekonomiy at panlipunan. Samakatuwid, pinaghuhugpong ng tulansangan ang mga dimensiyon ng mardyinalisadong uri at kasarian sa lipunan.

Mula sa batayang suliraning panlipunang ito, makikita naman sa dalawang bersiyon ng tulansangang “Boom Talong, Talong” (Pascual; Apongol) ang mga pagkain – o sahog ng putahe – na itinuturing na pangkaraniwan ng naghaharing uri ngunit, itinuturing na batayang pagkain ng masa tulad ng talong, saluyot, bagoong, sibuyas, kamatis at galunggong:

(1)

Boom talong, talong

Boom talong, talong

Saluyot, saluyot

Bagoong

Paksiw na, paksiw na (Pascual)

(2)

Boom talong, talong!

Boom talong, talong!

Sibuyas, kamatis,

Galunggong! (Apongol)

Bagama’t payak na pagkakatalogo lamang ito ng mga nasabing gulay at pagkain, masisinop mula rito na ito ang karaniwang kinakain ng masa. Samakatuwid, masusuri ang paglilistang ito sa dalawang bersiyon bilang mga pagkaing nakakawing sa mababang uri sa lipunan. Hindi naman ito nakapagtataka, laluna’t ito lamang ang kayang bilhin ng kanilang mga bulsa bunga ng pang-ekonomiyang krisis na kanilang nararanasan. Kung tutuusin pa nga, parami nang paraming Filipino ang hindi na rin kayang bumili ng galunggong dahil sa pagtaas ng presyo nito.

Ipinapakita naman sa tulansangang “Isaw nga ang Siyang Hanap-hanap” (Castro), na nilikha ring kanta sa comedy show na Bubble Gang at halaw sa theme song na “Ikaw Nga” ng fantaseryeng “Mulawin” ang representatibong panghaliling pagkain ng masa sa kawalan ng matino’t masustansiyang pagkain:

Isaw nga ang siyang hanap-hanap

Kailanman na ako’y nangarap

Lumuluhod, nakikiusap, ako ay mabigyan mo, sinta

Isaw nga ang siyang magbabago
Kailanman sa aking buhay
Hanggang iwanan na... para lang sa 'yo, sinta
Hanggang makapiling ka sinta (Castro)

Titingkad ang dimensiyon ng uri sa tulansangang ito sapagkat ang nagmamakaawa (“lumuluhod, nakikiusap, ako ay mabigyan mo”) ng persona upang mabigyan siya ng isaw, na maaaring sabihing representasyon ng lahat ng pagkaing-lansangan o street food. Maraming nagsasabi na ang paglikha ng mga pagkaing-lansangan ay pagtatanghal ng pagiging malikhain ng masa sa gitna ng kahirapan. Ngunit may pang-ekonomiyang dimensiyon ang pagiging malikhaing ito, maging sa pagpapangalan ng mga pagkaing ito: isaw (bituka ng manok o baboy), flying kick (paa ng kambing), adidas (paa ng manok), betamax (dugo ng baboy) at iba pa. Magandang suriin dito na di-lantad na inihahayag – tulad din ng matutunghayan sa tulansangan – kung paanong ang pagkaing-masa tulad ng isaw ay nagiging monopolyo kapital na rin, laluna’t mayroong mga negosyante ang nagpapakete sa isaw bilang eksotikong pagkain na ibinebenta nila sa mga lunan tulad ng mga megamall, restawran at iba pang elitistang espasyo. Magkagayundin, ang produksyon ng mga pagkaing-lansangang ito – at ang pagpapangalan sa mga ito – ay nagpapamalas ng “wry, ironic humor” na siyang nagiging wika o taguri ng kritisismong panlipunan. (Mojares 142)

Sa aspetong ito, madadaplis na mayroong manipestasyon ng banggaan ng panlipunang uri sa pagnanais na kumain ng isaw: hinahanap-hanap ng masa ang isaw bilang payak na pagtugon sa pangangalam ng sikmura, habang hinahanap-hanap naman ito ng nakatataas na uri para sa eksotikong gustatoryong karanasan. Ayon pa kay Mojares, ang eksotiko para sa isang tao ay maaaring payak para sa iba. At sa mas malalang sitwasyon, ang eksotiko ng naghaharing uri ay maaaring ang di-masustansiyang pagkain – na para na itong lason – para sa mahirap na tao. (142) Marapat suriin na wala naman talagang eksotiko sa pagkaing-lansangan, dahil hindi naman eksotiko ang kahirapan, maliban na lamang kung ang mismong kahirapan, tulad ng ginagawa ng dating programang Wowowee, ay kinakasangkapan bilang monopolyo kapital.

Mula sa pagkaing-masa at pagkaing-lansangan, naipapamalas naman sa dalawang bersiyon ng tulansangang “B-I-N-G-O” (Cruz; Sinocruz) ang impormal na ekonomiya ng pagsusugal at pag-asa sa metapisika ng tadhana at suwerte:

(1)

B-I-N-G-O

Nanay mo nagbibingo

Bumato ng beinte singko

Naging dalawang piso (Cruz)

(2)

B-I-N-G-O

Tatay mo nagbibingo

Binato ng beinte singko

Bingo! (Sinocruz)

Ang bingo ay isa lamang bahagi ng napakalawak na saklaw ng pagsusugal sa bansa. Kung dati'y mamamataan lamang ang bingo tuwing pista sa plaza o tuwing may nakaburol bilang ispasmodikong pang-ekonomiyang kaganapan, makikitang nililigalisa ito ng estadong nagpopostura dating sumusupil dito. Sa mga mall, halimbawa, tulad ng SM, makikita ang malaking espasyong inilalaan para sa Bingo Bonanza. Samakatuwid, mula sa dating pailalim at palihim na operasyon ng mga sindikato sa bingo, nililihetimisa ito bilang kapital ng pambansang burgesya.

Sa mga tulansangang "Sabi ni Daddy, Patay na daw si Mommy" (Kenneth Buco), "Sabi ni Mommy, Patay na daw si Daddy" (Gonzales), at "I'm a Rugby Girl" (Perez at Perez), ipinapamalas ang pagkalulong ng masa sa "rugby" bilang iligal na droga o substityut na droga. Ang penomenon ng paggamit ng mga batang lansangan sa rugby bilang adiksiyon ay magbubunsod ng terminong "rugby boys" o "rugby girls" tulad ng masisilo sa tatlong tulansangan. Halos walang ipinagkaiba ang naunang dalawang tulansangan tungkol sa rugby maliban sa itinuturing sa ikalawa na ang rugby ay bitamina ("rugby vitamins"):

Sabi ni daddy, patay na daw si mommy.

Suminghot ng rugby...

Sisinghot din ako,

Sisinghot din ako ng rugby.

Rugby, rugby! (Kenneth Buco)

....

Sabi ni mommy, patay na daw si daddy
Bakit po? Bakit po?
Sabog raw sa rugby
Sisinghot din ako
Sisinghot din ako ng rugby
Rugby Vitamins! (Gonzales)

Sa kapwa tulansangang, ang kamatayan ng bawat magulang ay dulot ng pagsinghot ng rugby. Ngunit ang tila kakaiba sa inihahayag sa tulansangan ay bagama't batid na ng persona-anak na ang kamatayan ng kaniyang magulang ay dahil sa pagsinghot ng rugby, ang resolusyon niya sa dulo ng kapwa tulansangan ay "Sisinghot din ako / Sisinghot din ako ng rugby." Sa tulansangan namang "I'm a Rugby Girl," halos ganito rin ang mamamasdan. Ngunit ang elementong subersibo sa tulansangang ito, bukod sa pagpapakintal ng penomenon ng "rugby boys" at "rugby girls" o kabataang sumisinghot ng rugby, ay ang erudisyon ng persona na ang mundong kaniyang kinalalagyan ay plastik o di-makatotohanan:

I'm a rugby girl
In a plastic world
Nasa plastik
Laman ay rugby
Pasinghot-singhot
Hanggang sa mautot
Kawawang surot
Siya ay sumabog (Perez at Perez)

Halaw ang tulansangang ito sa noon ay sikat na komersyal na awiting "Barbie Girl" ng dayuhang bandang Aqua. Ang pinaghalawang awit ay tungkol sa personang si Barbie – ang personipikasyon ng buhay at lunggating neokolonyal ng mga batang babae. Malinaw ang dimensiyon ng uring panlipunan sa pagtatanghal sa manikang "Barbie" bilang kultural na kapital ng monopolyo kapitalismo, na ang pangunahing daklot ay mga kabataang babae at homosekswal na lalaki. Samakatuwid, ang kanta ay nagiging kultural na kapital rin na malay o di-malay na inilalako ang transnasyonal na manikang ito. Kung kaya pagdating sa tulansangan, makikita ang continuum ng tema mula sa awitin ng Aqua. Ngunit ang tirada ng tulansangan ay ang pagkastigo sa mundo o lipunan bilang isang plastik o di-makatotohanang lokus. Kung

gayon, ang pagturing ng tulansangang sa mundo bilang plastik ay asinta, halimbawa, sa urban na kaayusan.

Maaari ngayon itong ikabit sa konseptong “pseudo urbanization” na tinalakay ni Manuel A. Caoili. Ani Caoili, ang nagaganap na urbanisasyon ay pekeng klase ng urbanisasyon, sapagkat nakasentro lamang ito sa mga naghaharing uri at dominanteng sistema at hindi nito napauunlad ang buhay ng mas nakararami (10). Samakatuwid, kritikal na tinitingnan sa pagtalakay na ito na ang urbanisasyong isinasagawa sa mga siyudad sa mahihirap na bansa ay hindi naman talaga tunay na progreso. Kung tutuusin pa nga, ipinapahiwatig ng ganitong pagdiskurso na ang siyudad ay lagi’t laging hinuhulma upang takpan ang kronikong pagkabulok nito. Kung ikakawing ito sa diskurso ng “plastik na mundo” na isinasambit sa tulansangang “I’m a Rugby Girl,” ipinatitimo nito na ang siyudad-bansa-mundo na hinuhulma at kinokontrol ng naghaharing uri at monopolyo kapitalismo ay artipisyal na siyudad-bansa-mundo lamang na nagsisilbi para sa interes ng iilan.

Ang plastik na mundo ring ito ang bukas-saradong nagkakalalakal ng iba pang malalaking iligal na droga. Tatalakayin ng tulansangan “Shabu po, Ninong” (Corbe) ang isa sa pinakamabentang iligal na droga sa Quezon City pa lamang – ang shabu:

Shabu po ninong
Shabu po ninang
Andito na ako
Sa inyong harapan (Corbe)

Halaw ang tulansangang ito sa awiting “Namamasko Po” at maaaring ikagitla ng mambabasa o makikinig ang nilalaman ng tulansangang ito, laluna’t ipinapamalas rito na ang mga personang bata ay nanghihingi ng “shabu” bilang aginaldo. Ngunit magandang suriin ang naratibisasyong ito ng shabu sa nasabing tulansangan bilang institusyonal na operasyon ng monopolyo kapitalismo sa bansa. Ayon kay Rolando B. Tolentino,

Sa Quezon City lang halimbawa, P15 milyon ang halaga ng shabu ang nabebenta araw-araw. Sa kasalukyang movement ng mga tao, ang shabu ay umaalinsabay sa tila walang katapusang palitang nagaganap sa ating panahon. Ang shabu ay ginagamit sa serbisyong sektor para maigpasan ang natural na limitasyon ng katawan; gayundin, umalinsabay

sa bagong kalakaran ng multinasyonal na negosyo tungo sa maximization ng serbisyo sa contract period, anim na buwan. Pinipilit ng negosyo na katasin ang lahat ng makukuha sa limitadong panahon ng employment ng indibidwal na manggagawa. Ginagawang sonambulist o sleepwalker ang mga manggagawa – mga gising na tulog, na pati oras ng patulog ay nasa serbisyo na ng kapitalista (128-129).

Mula sa siping ito, masisipat na anumang hakbang ng gobyerno para supilin ang negosyo ng iligal na droga ay artipisyal na mga hakbanging lamang. Ito’y pagkukunwaring pagsupil, pero ang katotohanan ay hinahayaan nito ang paglaganap nito dahil sa laki ng kitang napipiga mula rito.

Bukod dito, laganap sa pangmadlang midya ang lagi’t laging dokumentasyon ng mga batang nalululong sa iligal na droga – o di kaya’y mga batang “runner” ng iligal na droga. Sa usapin ng iligal na droga sa Pilipinas, laging pinatitingkad ang relasyon nito sa kabataan. Tuwing eleksyon, tulad nang paulit-ulit na ginagawa nina Franz Pumaren, Tito Sotto at iba pang politiko, itinatanghal nila sa kanilang mga plataporma ang pagsugpo sa iligal na droga. Sa kanilang mga banner at poster, ilalangkap nila ang kanilang kampanya laban sa droga at ikakabit dito na ang pangarap nila para sa kabataaan ay isang bansang malaya sa iligal na droga. Ang mga kampanyang tulad ng “Sa Sports, Panalo Ka / Sa Drugs, Talo Ka” at “Get High with God, Not with Drugs” ay malinaw na pagpapatagay sa kabataan ng di-pantay na tumbasan ng droga-rekreasyon at droga-relihiyon. Binubuo ng ganitong mga kampanya ang identidad ng siyudad bilang isang malinis at moral na siyudad, at sa gayong punto ay nilalabusaw ang katotohanan ng malaganap na paggamit ng iligal na droga sa buong bansa.

Kaya kung susuriing mabuti, ang tulansangang “Shabu po, Ninong” ay nagpapahayag ng kritisismong panlipunan,. Maging ito’y maihahayag sa dalawang bersiyon ng “MIB ang Aming Tatak” (Diano; Babila), kung saan itinuturing na “salot sa lipunan” na hindi dapat tularan (“Wag nyong tutularan!”) ang “hindi lang gumagamit nagnanakaw pa ng gamit”:

(1)

MIB ang aming tatak

Isinilang kami sa dugong hiphop

Dito sa amin maraming gumagamit

Hindi lang gumagamit nagnanakaw pa ng gamit

Salot sa lipunan, _____ ang pangalan

Hindi na nahiya, ang kapal ng mukha
Dapat sa kaniya ay pasabugin ang mukha
Sonic Boom! (Diano)
(2)
MIB ang aming tatak
Isinilang kami sa dugong hiphop
Dito sa amin maraming gumagamit
Di lang gumagamit nagnanakaw pa ng gamit
Salot sa lipunan, _____ ang pangalan.
Wag nyong tutularan! (Babila)

Sa siyudad, ang salitang-aksiyon na “gumagamit” ay idiomatikong ekspresyon ng “paggamit ng ilegal na droga.” Ngunit magkaiba ang tirada ng kontra-drogang kampanya ng mga politiko at ng kontra-drogang naratibo ng mga tulansangang ito. Sa mga politiko, ginagamit ang kampanya laban sa ilegal na droga para humakot ng boto, habang sa dalawang bersiyon ng tulansangan, ipinapakita ang reyalidad ng lipunan – na talamak sa mga komunidad ng mahihirap, ang impormal na sektor sa siyudad, ang paggamit at pagbebenta ng ilegal na droga. Ani Tolentino, “kung titingnan din ang profile ng gumagamit, ang bulito ng pamumulisya ay tumarget sa mga mahihirap...” (123). Dapat suriin ang ganitong obserbasyon ng proliperasyon ng ilegal na droga sa mahihirap na komunidad bilang bulito ng temporal na pagwawaksi ng delusyon ng kahirapan sa pamamagitan ng pagdodroga sa mahihirap. Bukod dito, ang ilegal na droga rin ang isa sa pinakamadaling paraan para sa mahihirap upang kumita ng pera. At bukas-saradong pinapayagan ito ng estado, dahil sa tuktok ng balangkas ng ilegal na droga ay nakaupo ang burgesya komprador.

Bukod sa pambansang burgesya, ang malawakang kampanya laban sa ilegal na droga sa bansa ay lubos na kinakasangkapan rin ng monopolyo kapitalismong Estados Unidos para sa ganansiya nito. Ayon sa namayapang Gregorio “Ka Roger” Rosal, dating tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, “The US is exaggerating the problem of illegal trade (of drugs) in the Philippines in an attempt to give justification to further deepening and widening its military intervention in the country” (2007). Ganito ang ginawa ng Estados Unidos sa Colombia, kung saan ginamit ang kampanya laban sa ilegal na droga upang palakasin ang puwersang militar ng Estados Unidos sa Colombia. Ngunit ang tunay na dahilan nito ay upang supilin ang rebolusyonaryong hukbong bayan ng Colombia. Samakatuwid, ang operasyong

kontra-droga ng Estados Unidos ay hakbang lamang para sa intensipikasyon ng surbeylans at operasyong militar ng gobyerno at ng Estados Unidos sa Mindanao at iba pang bahagi ng Pilipinas kung saan malakas ang rebolusyong puwersa ng Bagong Hukbong Bayan (New People's Army), ang hukbong militar-kultural ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa katunayan, idaragdag pa ni Rosal, na simula noong huling bahagi ng 2003, "nakikipagtulungan" na ang Estados Unidos sa gobyernong Arroyo upang labanan ang pagtatrapiko ng iligal na droga sa bansa sa pamamagitan ng pagbubuo ng "counter-drug bilateral exercise" na tinatawag na "Fusion Piston." Ang bilateral na ehersiyong ito laban sa droga ay siya ring itatransporma ng Estados Unidos sa regular na surbeylans at operasyong militar, ani Rosal.

Sa diskursong ito maaaring ikabit ang tulansangang "Hawak Paa" (David), na halaw sa popular na awiting "Hawak Kamay" ni Yeng Constantino:

Hawak paa, di kita iiwan sa paglalakad
Dito sa mundong walang katiyakan
Hawak paa, di kita iiwanan sa paglalakad
Sa daan ng kawalan (David)

Napakayaman ng pagpapakahulugang mapipisil mula sa tulansangang ito. Una, sa operasyon ng pagbabaliktad at pagbabalintuna na mamasdan sa linyang "hawak paa, di kita iiwan sa paglalakad," kung saan ang absurdong sitwasyon ay nagsusulong ng komentaryong panlipunan. Sa heyograpiya ng katawan, ang paa ang pinakamababang bahagi ng katawan na laging nakalapat sa lupa. Maaaring sabihin, sa simbolikal na pagsisignipika, na ang pinabalintuwad ng persona sa tulansangan ang mundong kaniyang kinagisnan at kinatitirhan. Ikalawa, tutukuyin sa pangalawa at panghuling mga linya ng tulansangan na ang mundo – tulad ng "plastik na mundo" at "pseudo urbanization" na ipinamalas ng "I'm a Rugby Girl" – ay balahaw na mundo: "mundong walang katiyakan" at "daan ng kawalan."

Isa pa sa impormal na ekonomiyang natatalakay madalas sa mga tulansangan ay ang "pangangariton" o "pagbobote-diyaryo-garapa." Matutunghayan ito sa dalawang bersiyon ng "Hey Mambo!" (Iglesia; Gallano) na tila ipinahahayag na sa "mundong walang katiyakan," ang tiyak para sa personang mahirap ay "mambobote ako pag laki ko":

(1)
Hey mambo!
Mambobote ako pag laki ko

Bibili ako ng cellphone ko
Sasakay kami ng eroplano
Bababa kami sa diskuhan
Kakanta kami ng...
"Di ako si Supermario
Nahulog sa tulay
Wakwak puday"
Hu, hu, hu.... (Iglesia)

(2)
Hey mambo!
Mambobote ako paglaki ko
Bibili ako ng cellphone ko
Tatawagan ko ang syota ko
Sasakay kami ng eroplano
Bababa kami ng diskohan
Sasayaw kami ng syota ko (Gallano)

Bukod dito, lagi ring naipakikintal sa mga tulansangan ang impormal na ekonomiya ng prostitusyon ng kababaihan tulad ng makikita sa tulansangang "My Boobs Getting Bigger" (R. Buco):

My boobs getting bigger,
Twenty five kilometers
Papuntang Metro Manila
Hanggang Baguio.
Si Romeo, Romeo nakatira sa Mexico
Nanay mo, tatay mo, nakatira sa banyo. (R. Buco)

Makikita ang pag-usad ng nasyonal na katawan ng prostityuted na persona "papuntang Metro Manila / Hanggang Baguio." Gayundin, ang pagsulpot ng nosyon na ang mga maralita sa siyudad ay tumitira na sa banyo ay indikasyon ng impormal na sektor sa bansa.

Mula sa erudisyon sa tulansangan ng impormal na sektor at impormal na ekonomiya ng siyudad, makikita na maaaring diskursuhin ang lokus ng siyudad bilang "malalim na balon ng murang lakas paggawa." (Tadiar 301) Nangangahulugan ito na mula sa impormal na sektor

ng maralitang lungsod, prostityuted, batang lansangan, lagalag at iba pa ay kumukuha ang pambansang burgesya at mga multinasyonal na korporasyon ng mura at docile na lakas paggawa. Mula sa impormal na sektor na ito kinukuha ang mga security guard, baranggay tanod, saleslady sa mga mall, entertainer sa mga club at bar, crew sa mga fastfood chain, drayber ng trak, janitor, at iba pang pangangailangan ng sektor ng serbisyo (service sector). Ayon nga kay Tadiar, ang maralitang tagalungsod ang tumutulong sa malapyudal at malakolonyal na ekonomiya na siyang nagmamarginalisa sa kanila. Ang mga mangangalahig o mambabasura, halimbawa, ay mura at kaswal na lakas paggawa na nagtatrabaho para sa malaking industriya ng recycling. Sa impormal na ekonomiyang ito nakadepende ang mga multinasyonal na korporasyon para mapanatiling mababa ang gastos nila sa pasahod (290-91).

Dagdag pa rito, masusuri rin na ang paggamit ng burgesya komprador at ng mga multinasyonal na korporasyon sa mura at di-umaangal na lakas-paggawa ay pamamaraan upang maiwasan ang unyonismo at mga pagkilos para sa radikal na pagbabago. Bagama't hindi nangangahulugan na ang ganitong hakbanging ng pambansang burgesya at monopolyo kapitalismo ay nagbibigay ng kasiguruhan na hindi nga mag-aaklas ang kanilang murang lakas-paggawa.

Sapagkat, tulad nga ng pormulasyon ng isang euphemismo: hindi mahirap para sa mahirap ang mag-aklas dahil wala namang ibang mawawala sa kanila kundi ang kanilang tanikala. Matutunghayan ito sa maraming tulansangan.

ANG PANUNUKSO SA TULANSANGAN BILANG POLITKAL NA PAGKAKARNABAL

Mula sa pagtalakay ng impormal na sektor at impormal na ekonomiya, inisyal na nasaludsod rin ang ilang gradiasyon ng subersyon sa mga tulansangang nabanggit. Higit pa itong mapalalawig sa pagsuysoy sa malayang panunuksong mamasdan sa mga tulansangan bilang artikulasyon ng politikal na pagkakarnabal. Malaon nang tinalakay ni Bakhtin ang nosyon niya ng “carnivalesque” o ang pagkalikha ng mga espasyo tulad ng karnabal na nagsisilbing lokus upang pagtawanan, kutyain at kontrahin ang naghaharing uri. Nasa ganitong operasyon ang paglilimi sa iba pang gradiasyon ng subersyon – ang transgresyong politikal.

Tingnan, halimbawa, ang mahalagang dimensiyon natalunton ng tulansangang “Donya Miss”:

Donya Miss wag kang magpanggap dahil
Obvious na natatablan ka sa amin
Donya, donya (Legaspi)

Halaw ang tulansangang “Donya Miss” na ito sa kantang “Don’t Cha” ng dayuhang grupong The Pussycat Dolls kasama ang Busta Rhymes. Malinaw na inaalaska o binubuska ng mga bata ang isang babae. Dalawang daanan ang maaaring landasin sa pagpapaliwanag ng tulansangang ito. Una, binubuska ba si Donya Miss dahil mayaman siya? Ikalawa, o inaalaska siya dahil nagpapanggap siyang donya? Kapwa mahalaga ang tanong na ito sapagkat masisilo sa tulansangang ito na ang panunukso ay hindi natatali sa isyung pisikal o pangkasarian. Bagkus, operatibo sa panunuksong ito ang pagbuska sa uring panlipunang kinabibilangan ni Donya Miss o di kaya’y pinagpapanggapan niyang kinabibilangan niya. Kaya anuman ang landasin sa dalawang tanong, makikita ang dimensiyon ng uring panlipunan sa tulansangang ito. Sa madaling sabi, may makauring basehan ang panunukso sa nasabing tulansangan.

Sa Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog ni Julian Cruz Balmaseda, mayroong maigsi ngunit mahalaga siyang pagtalakay sa gamit ng tula sa pagtutuksuhan at paglalaro ng mga bata. Ipinipintuho ni Balmaseda sa akdang ito na tila likas na makata ang mga Tagalog sapagkat maging ang pagtutuksuhan at paglalaro ay isinasagawa nang patula. Ani Balmaseda:

At diyan na ninyo maririnig ang kani-kaniyang palabasan na halos kapain sa pag-iisip ng isa’t isa ang kani-kaniyang nalalaman, na ano pa’t sa pagpupumilit na may isagot, ang kalarong bata’y nakaiisip tuloy lumikha na ng kaniyang sarili, na ang kadalasa’y pilay at di tugma na siyang madalas maging puno ng masasayang tawanan at halkhakan ng isa’t isa. Sa paano’t paano man, ang mga biruang ito ang siyang nagtuturo sa kanilang isip na maging manunula balang araw (26).

Makikita sa pahayag ni Balmaseda ang pagpapahalaga sa mga tulang nililikha mismo ng mga bata. Ipinamalas ni Balmaseda kung gaano kaseryoso ang mga bata sa produksyon ng kanilang mga tulang mapanukso, na tunay namang pinag-iisipan nila. Masasabi rin ito, lalo’t higit, sa produksyon ng mga bata ng kanilang kontemporaryong tulansangan.

Higit pa sa pagsusuring ginawa ni Balmaseda sa bisa at talab ng mga tulang bata noon, makikita ang lantad na komentaryong panlipunan at pampolitika ng mga kontemporaryong tulang bata, ang mga tulansangan. Mula payak at ispasmodikong panunukso, makikita ang transpormasyon ng mga tulang bayan tungong mga tulansangan ng politikal na panunukso at pagkakarnabal.

Kung noo'y "Pihit, Batang Kawit, / Laylay ang kwelyo / Tutop ang puwit" (Balmaseda 27) ang itinutula ng mga bata para manukso, nakatutuwang isipin na magpahanggang sa kasalukuyan ay mayroon pa ring alingawngaw ng ganitong motiff ng panunukso sa mga tulansangang "Ngipin niya'y ginto" (Iglesia) at "Pasalamat Ka" (Lester).

Ngipin niya'y ginto
Buhok niya'y tanso
Puwet niya'y kulubut-kulubot
Na may tuldok! (Iglesia)

....

Pasalamat ka
May puwet ako
Kung wala puwet ko
Wala mukha mo
This is the way sa mga makukulit
Taeng malagkit, kulay violet (Lester)

Makikita na tila sa heyograpiya ng katawan, madalas ginagamit ang puwet upang pagbunsuran o di kaya pagkatsibong ng panunukso ng mga tulansangan. Kung susuriin mabuti, mula sa mga teksto ng panunuksong ito, kinakasangkapan na ang puwet para sa pagkakarnabal, hindi dahil natatawa ang bahaging ito ng katawan kundi may kultural na signipikasyon ang puwet bilang lagusan ng dumi ng katawan. Samakatuwid, kung ang puntirya ng panunukso ay ang paghahambing sa isang indibidwal sa puwet, nangangahulugan ito na inihahanay ang tinutukso sa mga bagay o bahaging marumi at mabaho, mga bagay na may koneksiyon sa urbanisasyon at kolonisasyon.

Masisipat ito maging sa tulansangang "Ibong Tiririt – Maya!" (Rivera) na hindi lamang nanunukso kundi nagdidikta rin ng reporma sa katawan:

Ibong tirit – maya!
Pambansang walis – tingting!
Tawas na durog
Para kay _____ na may putok! (Rivera)

Halaw ito sa matandang tulang bayang “Tirit ng Maya” na tungkol sa pagnanais na mag-asawa:

Tirit ng maya
Tirit ng ibon,
Ibig mag-asawa
Walang ipalamon. (Panganiban 39)

Hindi payak na panunukso ang tulansangang “Ibong Tirit – Maya!”, maging ang pinaghulasan nitong tulang bayan (na umaakda sa pag-aasawa bilang isang pang-ekonomiyang responsibilidad rin bukod sa romantiko, emosyonal at sekswal). Bagkus bitbit nito ang mahabang kasaysayan ng kolonisasyon ng katawan. Ani Resil Mojares, makikita sa katutubong katawan ng Filipino ang mahabang kasaysayang isinulat ng mga kolonisador – ito ang pagkokolonisa ng katawan. (1997, 20) Ang rekonfigurasyon ng katawan ng tao ay nagbibitbit ng mahabang kasaysayan ng kolonyal na pananakop noon at ng neokolonyal na pananakop ngayon. Isa sa mapapansing paraan ng pagrereporma sa katawan ng tao ay ang paninigurong malinis at mabango ito, hindi dahil sa isyu ng sanitasyon kundi dahil sa interes sa pagkakamal ng kita ng ma kapitalista. Sa katunayan, ang tawas na natural na nakapagpapaputi ng balat at nakapagpapawala ng sangsang o anghit ay isa sa mga kapital ng industriya ng kagandahan sa loob at labas ng bansa. Mula sa mga facial cleanser ng Eskinol hanggang sa deodorant ng Rexona, ang tawas ay monopolyo kapital.

Halos ganito rin ang masisilong punto sa tulansangang “Dennis Panis, Nagnakaw ng Patis” (Babila at Racal) – ang pagpuntirya sa mabahong katawan ay sa aktwal pagpuntirya sa katawang ayaw magpasaklaw sa monopolyo kapital:

Dennis panis, nagnakaw ng patis
Hinuli ng pulis, nagtago sa walis (Babila at Racal)

Ngunit may idaragdag sa naratibong ito ng katawan ang nasabing tulansangan. Ang amoy-panis na tauhang si Dennis ay “nagnakaw ng patis” kung kaya “hinuli ng pulis.” Bukod sa umaalingasaw na amoy ni Dennis, ang isa pang basehan ng paghuli sa kaniya ay dahil nang-umit siya ng patis. Sa linyang ito pa lang ay lantad na ang politikal na sitwasyon – nangangahulugan ito na nakararanas ng masidhing kahirapan si Dennis dahil ultimo patis ay ninakaw niya. Mahihinuha mula rito na malamang sa malamang, ang dahilan ng pagiging amoy-panis ni Dennis ay dahil rin sa kahirapan, tulad nang makikita sa sitwasyon ng di-paliligo ng mga taong-grasa. Kinukutya rin ng nasabing tulansangang ang represibong aparato ng estado, ang pulisya, na isa sa pangunahing reaksyonaryong ahente ng estado upang disiplinahin hindi lamang ang katawan ng mamamayan kundi maging ang mga aksyon ng mamamayan.

Ngunit hindi sa lahat ng pagkakataon ay nananaig ang represibong aparato ng estado, laluna’t nagbibigkis ang mamamayan. Sa tulansangang “May Pulis, May Pulis sa Ilalim ng Tulay” (Banaag), literal na pinatalon mula sa tulay ang pulis para ito ay mamatay:

May pulis, may pulis sa ilalim ng tulay (2x)

May pulis (4x)

May pulis sa ilalim ng tulay

Tumalon ang pulis at namatay (2x)

Tumalon, tumalon

Tumalon nang tumalon

Tumalon ang pulis at namatay. (Banaag)

Kung susuriin ang naratibo ng nasabing tulansangan, ipinapamalas ang matinding disgusto sa pulis dahil representasyon ito ng pandarahas ng estado sa mamamayan. Itataas naman sa lebel ng pagbalikwas sa imperyalismong Estados Unidos ang pagsunog sa bahay ni Superman sa tulansangang “Bahay, Bahay, Bahay ni Superman” (Pinaso):

Bahay, bahay, bahay ni Superman

Nasunog ang bahay, bahay ni Superman

Bahay, bahay, bahay ni Superman

Nasunog ang bahay ni Superman

(isusunod si Spiderman, Darna at Batman) (Pinaso)

Malalim naman ang politikal na pahiwatig sa tatlong bersiyon ng tulansangang “My Name is Sharon Cuneta” (Jarabeo et al; Rosales; Samonte):

(1)

My name is Sharon Cuneta

Robin Padilla

Erap laki mata

Agilus, Agilus

Sinong hindi marunong magbasa? (Jarabeo et al)

(2)

My name is Sharon Cubeta

Robin Pogita

Erap laki mata

Gloria laki nunal

Diego laki sungay

Fly, fly, fly

Hindi marunong magbasa. (Rosales)

(3)

My name is Sharon Cuneta,

Aiza Seguerra,

Robin Padilla,

Erap Estrada,

Linda laki mata,

Gloria laki nunal,

Mura at Mahal

Di marunong magbasa. (Samonte)

Bukod sa mga artista ay dalawang pangulo ng Pilipinas ang pinupuntirya ng mga ito: ang una ay si Erap – ang palayaw na ibinigay ni Fernando Poe, Jr. kay dating pangulong Joseph Ejercito Estrada; ang ikalawa naman ay si Gloria – ang kasalukuyang pangulong si Gloria Macapagal-Arroyo. Tulad ng iba pang papet o tuta ng imperyalismong Estados Unidos, sina Erap at Gloria bilang representasyon ng kapangyarihan ng pambansang burgesya sa bansa ay kapwa binatikos at binabatikos nang paulit-ulit dahil sa samu’t saring kasalanan

nila sa masang sambayanan. Mahalagang analisahin kung paano inaartikula ng mga tulansangan ang katampalasan sa sambayanan ng mga pangulong ito. Mayroong dalawang tungtungan ang operasyon ng mga tulansangang ito sa pagsisiwalat sa mga pangulong ito sa tulansangan. Una, ang paghahanay sa kanila sa mga artistang tulad nina Sharon Cuneta at Robin Padilla. Ikalawa, ang politikal na pagkakarnabal sa mga pangulo sa pamamagitan ng pagtuya sa kanilang mga hitsura.

Sa unang tungtungan, ang paghahanay kina Erap at Gloria sa mga artista ay mababasa bilang pag-asinta sa operasyon ng nasyonal, multinasyonal at transnasyonal na kapitalismo. Sa industriya ng showbusiness, ang mga artista ang pangunahing kapital na inilalako at pinagkakakitaan. Sa gayon rin punto, ang mga artistang ito ang siya ring gagawing endorser ng iba't ibang produkto ng mga nasyonal, multinasyonal at transnasyonal na korporasyon. Sa gayong layon, makikita na ang mga artista ay multidimensyonal na kapital ng pambansang burgesya at kapitalismo. Kung kaya kapag inihanay sina Erap at Gloria sa mga kapital na ito, titingkad ang relasyon ng dalawang pangulo sa monopolyo kapitalismo. Sila rin mismo ay endorser ng pambansang burgesya at monopolyo kapitalismo. Sa katunayan, sila ang tagapagpatupad ng mga patakaran ng Estados Unidos at ng mga transnasyonal at multinasyonal na korporasyon. Halimbawa nito ang panunumbalik ng puwersang militar ng Estados Unidos sa bansa – at ang pagbebenta ni Arroyo ng soberanya ng bansa sa pamamagitan ng pagbibigay sa convicted rapist na si Daniel Smith sa embahada ng Estados Unidos sa Pilipinas. Masisipat din ito sa pinansiyal na “tulong” na ibinibigay ng International Monetary Fund-World Bank at Asian Development Bank, ang primaryang mga pinansiyal na institusyon ng imperyalismo, sa pagpapatayo ng mga footbridge at rehabilitasyon ng mga lansangan ng Metro Manila Development Authority.

Sa ikalawang tungtungan, ang pagtuya sa pisikal na katangian ni Erap – na may malaki o nakaluwang mga mata – at ni Gloria – na nagtataglay ng malaking nunal sa mukha ay nasa buong naratibo ng politikal na pagkakarnabal sa kanila ng mamamayan. Sa isang reaksyonaryong estado, tulad ng naranasan kay Erap at tulad ng naranasan kay Gloria sa kasalukuyan, anumang hilahil laban sa gobyerno ay tinatapatan nito ng pasismo. Sa katunayan, simula nang manungkulan si Arroyo noong 2001, umaabot na sa humigit-kumulang 1,000 ang kaso ng mga pulitikal na pamamaslang sa bansa. Ayon pa kay Purificacion Quisumbing, Tagapangulo ng Commission on Human Rights (CHR), ang limang-taong panunungkulan ni Arroyo ay nagluwal ng mas maraming kaso ng paglabag ng karapatang pantao kumpara sa 15-taong pinagsama-samang panunungkulan nina Corazon Aquino, Fidel Ramos at Joseph

Estrada. Nangangahulugan lamang na ang maikling administrasyon ni Arroyo ang mas pasistang rehimen, kasama na ang diktadurya ni Marcos, sa kasaysayan ng Pilipinas.

Kung ikokonekta ang tulansangang “Hindi Ako Anak ni Gloria” (Santos) at “Rap ka nang Rap” (Iglesia) sa “My Name is Sharon Cuneta,” masisilo ang isang katangian ng malapyudal at malakolonyal na estado: ang pagbabangayan ng naghaharing uri:

Hindi ako anak ni Gloria

Nahulog sa tulay

Wakwak puday

Boom! (Santos)

....

Rap ka nang rap

Kamukha mo na si Erap

Buti pa si Erap

Tumutulong sa mahirap (Iglesia)

Sa pagnanais ng mga clique at mga miyembro ng pambansang burgesya na mapasakamay nila ang politikal na kapangyarihan, sila-sila mismo ay nagsisiraan – nakadaragdag ito sa eksposisyon na ang tanging pakay ng pambansang burgesya sa pagtakbo sa eleksyon ay para sa politikal na kapangyarihan ng mga posisyon sa gobyerno.

TRANSGRESIBONG POTENSIYAL

May transgresyon tuwing kinakarnabal ang mga pangulo, at iba pang nasa poder ng kapangyarihang politikal, sa mga tulansangan. Makikita ito sa poetika ng mga bata sa pagbuo ng mga tulansangan nila: pagkakatalogo o pastiche, panggagaya o mimicry, pagpapatawa, at panunudyo o panunukso. Ang mga pamamaraang ito ang nagpapakita ng iba’t ibang lebel ng pag-unawa at pag-intindi ng bata sa kaniyang lipunan. Ayon kay Gelacio Guillermo:

Isang aspeto ng pagbabago sa pang-araw-araw na buhay sa kanayunan, lalo na sa pinakaliblib na lugar sa kabundukan, ay ang transpormasyon ng tradisyunal na mga porma ng pamamahayag (kanta, sayaw, tugtog, tula) at ritwal para maiakma ang mga ito sa kasalukuyang kalagayan at pangangailangan ng rebolusyonaryong kilusan... Sa ganito, naiaangat ang mga pormang ito mula sa lumang pyudal na kultura at nagiging bahagi ng bagong rebolusyonaryong kultura. (xxxiii)

Sa siyudad, mayroon nang mga progresibong makata ang humalaw ng porma at tirada ng pagtula mula sa mga tulansangan. Ang mismong poetika ng pagpapatawa, pagkakatalogo, panggagaya, at panunukso sa tulansangan ang saligang pinaghahalawan ng mga makata sa paglikha nila ng mga tulang protesta at progresibo. Isa sa unang gumamit ng porma at tiradang ito ay ang kilalang makata at mamamahayag na si Jose F. Lacaba. Kilala si Lacaba bilang aktibista at mamamahayag noong panahon ng Sigwa ng Unang Kuwarto, ang malawak na pagkilos ng mga kabataan at estudyante noong dekada sitenta, kaisa ng masang sambayanan, upang patalsikin ang dating pangulong Ferdinand Marcos. Noong 1991, naglabas ng koleksyon ng mga tula, awit at halaw si Lacaba, ang *Sa Panahon ng Ligalig*. Isa sa mga proyekto ni Lacaba sa nasabing koleksyon ay ang paggamit sa mga tula at tugmang ginagamit sa paglalaro at pagtutuksuhan ng mga bata sa lansangan.

Malinaw sa “Mga Tulang Kalye” (45-47) ni Lacaba ang pagkasangkapan sa poetika ng mga tula at tugmang lansangan upang magpahulas ng makabayang pagtula. Tulang protesta ang “Mga Tulang Kalye” ni Lacaba. Ang mahabang tulang ito ay binubuo ng limang bahagi ng maiigsing tula. Bawat bahagi ay binubuo berso ng tulansangan (nakahilig) at (mga) berso na inihalaw ni Lacaba mula sa tulansangan. Halimbawa, sa unang bahagi ng “Mga Tulang Kalye,” makikita ang tulansangang “Ang Laki sa Layaw” na pinaghalawan ni Lacaba. Sa nasabing berso ng tulansangan, makikita sa unang dalawang linya ang matandang kasabihan ng hinggil sa pagpapalayaw sa isang bata o mamamayan. Sa naturang kasabihan, “Ang laki sa layaw” ay itinuturing na “karaniwa’y hubad” sapagkat nahuhubdan ng reyalidad ng buhay ang nasabing indibidwal:

1.
Ang laki sa layaw,
karaniwa’y hubad—
mabuti pa si Tarzan,
me konting bahag.

Si Donya Rosario,
mas lalong mabuti—
ang lahat ng terno,
tadtad ng brilyante.

Ang mga layaw at hilig nito ang nasusunod habang hindi napagtutuunan ng pansin ang mas mahahalagang bagay hinggil sa buhay. Ngunit magiging kakatwa ang pagtatapos ng tulansangan sapagkat literal na ituturing na “hubad” ang isang indibidwal na “laki sa

layaw,” kung kaya imumuwestro sa huling dalawang linya ng tulansangan na mas “mabuti pa si Tarzan” sapagkat ito’y “me konting bahag.” Bagama’t kakatwa ang pagtatapos nito, malalim ang ipinahihwatig nito hinggil sa kahirapan sa bansa – sa puntong maraming mamamayan ang nabubulid sa ilusyon ng konsumerismo ng kapitalistang industriya habang mas maraming mamamayan ang dumaranas ng kahirapan (“konting bahag”). Ang paghalaw ni Lacaba mula sa tulansangang “Ang Laki sa Layaw” ay magbubunga ng bersong protesta patungkol sa papalaking agwat ng mayaman at mahirap sa isang neokolonyal na estado. Kung “si Tarzan / me konting bahag,” paiigtingin ni Lacaba ang kontradiksyon ng mga uring panlipunan sa pagtukoy sa isang mayaman bilang “mas lalong mabuti” dahil ang “lahat ng terno” nito’y “tadtad ng brilyante.” Pinakukuyom nito ang kamalayan ng mambabasa sa lantad na antagonismo ng mayaman at mahirap kaugnay ng pangkabuuang krisis panlipunan bunga ng isang malakolonyal at malapyudal na sistema.

Palalawigin pa ito ni Lacaba sa ikalawang bahagi ng “Mga Tulang Kalye” kung saan pinaghalawan niya ang nakahilig na berso ng tulansangang “Konting Bato” upang ipakita ang pagkaduhagi ni “Karyong Kantero” dahil sa panduduhagi ng mga kapitalista. Sa tulansangang “Konting Bato,” inihahayag ang tila normatibong praxis ng paggawa – na ang manggagawa ang lumilikha ng yaman ng bansa (“Konting bato / konting semento, / monumento!). Hayag sa nasabing tulansangan na madali para sa mga kapitalista ang lumikha ng kanilang mga pisikal na istruktura ng negosyo at kaakuhan sa pamamagitan ng pagsaid sa murang lakas paggawa ng mga manggagawa.

2.
Konting bato,
konting semento,
monumento!

Pero walang umento
walang memento
si Karyong Kantero.

Sa katunayan, ang isa pang malalim na dimensiyon ng tulansangan ay ang pahiwatig nito hinggil sa pagtatayo ng mga “monumento” bilang pisikal na simbolo ng pagkabayani. Samakatuwid, masusuri sa tulansangang “Konting Bato” na ang itinatanghal na mga bayani sa isang malakolonyal at malapyudal na estado ay ang mga naghaharing uri at burukrata kapitalista na siyang nagpapatakbo sa pamahalaan ng bansa. Ngunit ang katotohanan naman ay ang mga manggagawa ang lumilikha ng yamang pinagpapasasaan ng mga

kapitalista at naghaharing sistema. Kung kaya sa bersong protesta ni Lacaba sa ikalawang bahagi, itatampok niya na ang manggagawang gumagawa ng mga istruktura at monumento ng naghaharing uri ay pinagsasamantalahan ng mga ito sapagkat hindi makatarungan ang pagpapasahod at pagbibigay-benepisyong sa mga manggagawa (“walang umento / walang memento / si Karyong Kantero”). Sa katunayan, lantad na lantad sa bahaging ito ng tulang protesta ang pagtukoy sa batayang pagsasamantala ng mga kapitalista at naghaharing uri sa mga manggagawa – ang pagsaid sa kanilang murang lakas paggawa upang makapagkamal ng labis na halaga. Ayon nga sa Batayang Kurso ng Partido Komunista ng Pilipinas, “Ang labis na halaga ay ang partikular na tipo ng labis na produktong hinuhuthot ng kapitalista sa manggagawa.” (Partido Komunista ng Pilipinas 99)

Sa ikatlong bahagi naman ng “Mga Tulang Kalye” ni Lacaba, ginamit ang tulansangang “John and Marsha” upang ipakita ang pagpapakalautang ng maraming Pilipino sa Amerika. Mula sa popular na seryeng pantelebisyon na “John en Marsha” ang pastiche ng tulansangang ito. Matatandaang ang huling dalawang linya ng naturang tulansangan ay ang sinasambit ng mapangmatang biyenan ni John Puruntong: “kaya ikaw, John, / magsumikap ka!” patungkol sa nararapat nitong gawin upang makaahon mula sa kahirapan. Ngunit higit pa sa pagpapakahulugang ito ang masasapo mula sa nasabing tulansangan.

3.
John and Marsha
sa Amerika—
kaya ikaw, John,
magsumikap ka!

Juan at Maria
diyan sa pabrika—
magsumikap man,
aasenso ba?

Sa mantra ng Estados Unidos, diumano’y hinihikayat nito ang mga Pilipino na pumunta sa nasabing bansa upang doon maghanap ng mas luntiang buhay. Tila ipinahahayag sa nasabing berso ang pagtaklob ng imperyalistang ideolohiya ng Estados Unidos sa pagpoposturang niyayakag nito ang mga Pilipino sa kapitalistang bansa upang doon makahanap ng kaginhawaan at ang tanging kailangan lamang ng isang Pilipinong tulad ni “John” ay ang “magsumikap.” Gayunpaman, ang tila reaksyonaryong ideolohiyang bitbit ng

tulansangang “John and Marsha” ay aktibong babaguhin ni Lacaba sa halaw ng tulansangang kaniyang ginawa. Ang pagpapangalan niya kina “Juan at Maria / diyan sa pabrika” ay malinaw na pagdurugtong ng tula sa pangkabuuang dimensiyon ng masang mamamayan. Ang mga pangalang “Juan” at “Maria” ay mga popular na pangalang ginagamit noon ng masa, na mahigpit ring nakaangkla maging sa pagpapangalan noong panahong prehispaniko. Ngunit ang pagposisyon kina Juan at Maria sa lokus ng pabrika ay nagpapamalas na ang partikular na uring panlipunang tinutukoy sa tula ay mga manggagawa. At tulad ng ipinamalas na pagsasamantala sa manggagawa ng mga kapitalista sa ikalawang bahagi ng “Mga Tulang Kalye,” sa ikatlong bahaging ito’y hindi lamang payak na pagtatanong ang retorikal na huling dalawang linya (“magsumikap man, / aasenso ba?”) sapagkat mas lantad dito ang pagtukoy na hindi aasenso ang mga manggagawa sa pabrika dahil sa kapitalistang pagsasamantala.

Magpapatuloy naman ang marahas na sirkulo ng pagsasamantalang ito sa ikaapat na bahagi ng “Mga Tulang Kalye.” Ang persona sa tulansangang “Ako’y Tutula” ay isang makata o nagpoposturang makata. Sa ikalawang linya ng tulansangang nabanggit, ang persona’y “sisinghot” ng “benteng kulangot.” Tila walang-kawawaan ang nasabing tulansangan, ngunit kung susuriing maigi, malakas ang alingawngawsa tekstong itong isang uring pangungunyapit – na maging ang mga makata, at mga manunulat at mamamahayag sa pangkabuuan – ay nakararanas rin ng politikal na karahasan at ideolohikal na panggigipit. Samakatuwid, maging sa larang ng panitikan at pamamahayag ay makikita ang pinangingibabaw na kapangyarihan ng reaksyonaryong estado, tulad ng nakikita sa mga isyung nagsusulputan sa administrasyon ni Gloria Macapagal-Arroyo.

4.

Ako’y tutula,
makatang-makata.
Ako’y sisinghot,
benteng kulangot.

Ito’y babala
ng dalitang-dalita—
ang wala kahit kusing,
kakapit sa patalim.

Mas gagawing malinaw ni Lacaba ang panunudyong ito mula sa tulansangan tungo sa ikalawang berso sa ikaapat na bahaging ito. Sa tula, makikita na ipinuwesto ang tulansangan bilang “babala / ng dalitang-dalita,” na nangangahulugan ng pangungunyapit at panggigipit. At sa panahong maging ang mga intelektwal at makata ay mismong mamamayang

nakararanas rin ng lubos na kahirapan sa isang malakolonyal at malapyudal na bansa, napipilitan ang mga ito na magpailalim sa naturang dominanteng sistema ng naghaharing uri. Kung kaya “ang wala kahit kusing, / kakapit sa patalim.” Nangangahulugan ito, kung gayon, na ang krisis ng kahirapan bunga ng overdeterminasyon ng monopolyo kapitalismo at burukrata kapitalismo ang siyang nagtutulak sa mga mamamayan upang “kumapit sa patalim” – isang euphemismo para sa pagkasadlak ng mamamayan sa mga trabahong hindi makatao at makatarungan. Ayon nga kay Amado Guerrero, dahil sa mataas na antas ng kawalan ng trabaho sa lungsod at nayon, lalong dumarami ang mga lumpen proletaryado. Ang mga lumpen proletaryado ay uring panlipunan na karaniwang kinabibilangan ng mga magnanakaw, mandurukot, pulubi, bugaw, prostityuted, palaboy at iba pa na kumakapit sa patalim (150).

Samakatuwid, ang mga lumpen proletaryado ang tinutukoy sa bahaging ito ng “Mga Tulang Kalye” ni Lacaba. Kung susuriin pang mabuti, ang mga lumpen proletaryado rin ang nagsisilbing “bayarang elemento” ng burgesya komprador. Marami sa kanila ang nagsisilbing tagasira ng mga makabayang unyon, tagagulo sa mga parliyamentaryo ng lansangan, at mga informer o ahente ng militar. Sa gayong layon, binibigyan ni Lacaba ng bagong dimensiyon maging ang mga makata, manunulat at mamamahayag na nagpasaklaw sa ganitong klase ng ko-optasyon ng reaksyonaryong estado. Ibig sabihin, maging ang mga “intelektwal” at “maliit na burgesya” ay nakahahawig rin ng mga lumpen dahil sa pagdausdos ng kahirapan sa bansa, at dahil sa kawalan ng trabaho at matinong sahod. Sa gayong punto, maraming mamamahayag at manunulat ang nagiging “sell-out” sa mga burgesya komprador at burukrata kapitalista at monopolyo kapitalista bilang mga “bayarang elemento” na magpapamutawi ng kagalingan ng naghaharing uri at sistema.

Sa ikalima’t huling bahagi ng “Mga Tulang Kalye” ni Lacaba, malinaw ang politikal na panawagan nito para sa pagkakaisa ng masang mamamayan. Gamit ang dalawang tulansangang “One Two” at “Yelo,” lumikha si Lacaba ng mga bersong nasa parehong istrategiya ng pagpupunyagi ng kolektibo. Sa unang dalawang berso ng ikalimang bahagi, makikita na ang dalawang tulansangan ay tumutukoy sa progresyon at transpormasyon. Sa “One Two,” ang pagbibilang mula “one” hanggang “four” ay tulad ng pagbibilang kapag naghahanda para sa pag-uunahan ng pagtakbo. Samantala, sa tulansangang “Yelo,” ang likas at siyentipikong transpormasyon, mula solido tungong likido, ng yelo tungong tubig ang payak na ipinahayag.

5.
One two
one two three
one two three four
let's go!

Yelo,
malamig—
pag natunaw,
tubig!

Tingting,
manipis—
pag binigkis,
walis!

Piyon,
patapon—
pag nagtipon,
unyon!

Mangmang
ay bulag—
pag namulat,
kidlat!

Dukha'y
tahimik—
pag nagalit,
lintik!

Bayang
busabos—
pag kumilos,
unos!
(Lacaba 45-47)

Itong poetika ng panggagaya sa naturang mga tulansangan ang siya ring hahalawin sa mga susunod na berso ni Lacaba. Mula sa progresyon at transpormasyong ito, ipamamalas sa mga susunod na berso ang makabayang proyekto ng “Mga Tulang Kalye.” Sa ikatlong berso, halimbawa, ipinakita ang matandang kasabihan patungkol sa walis-tingting: na kapag mag-isa, tila mahina ang manipis na tingting – madaling maputol o mabali (pero masakit kapag ipinaghaplit). Sinasabinito na bagama’t may angking kapangyarihan ang isang indibidwal, mas magiging husto ang kapangyarihan kapag nagbigkis ang mga indibidwal sa isang kolektibo.

Higit itong lilinawin ni Lacaba sa ikaapat na berso kung saan ang mga tingting ay magiging mga piyon. Itinatanghal dito ang banguardismo ng mga manggagawa – ang pagtipon ng mga manggagawa sa pamamagitan ng abanteng kolektibo ng unyon. Sa ikalima at ikaanim na berso naman, ipinapaalala na nasa masa – na kadalasang isinasalalak bilang walang-muwang na mga “mangmang” at “dukha” – ang kapangyarihan para sa pagbabagong panlipunan. Dito pumapasok ang rebolusyonaryong proyekto ng pagpapamulat at pagpapanibagong-hubog. Sa diskurso ng poetikang sa mga bersong ito, ipinapamalas ni Lacaba ang pakikipagkaisa sa rebolusyonaryong proyekto ng “pagmulat” o propaganda-edukasyon sa masa, sapagkat kapag sila’y “namulat” at nakiisa sa kolektibo, ang kanilang pagkamulat at galit ay magiging “kidlat” at “lintik,” pawang mga simbolikal na representasyon ng malakas na kapangyarihan ng organisadong puwersang panlipunan. Sa ikaanim na berso, dudulo ang “Mga Tulang Kalye” sa pinakalantad na asersyon ni Lacaba hinggil sa halaga ng kolektibong pagkilos upang baguhin ang lipunan: “Bayang / busabos— / pag kumilos, / unos!”

Samakatuwid, ipinakita ni Lacaba ang halaga at bisa ng mga tulansangan: na ang mga tulansangan ay mapagtimbuwal; na ang mga tulansangan ay mismong parodya at satirikang panlipunan at naghahayag ng malinaw na politikal na ideolohiya. Na ang mga tulansangan ay malawak na tereyn ng tunggalian at malalim na balon ng progresibong pag-unawa sa lipunan at bayan.

Sapagkat sa mga tulansangan, malayang nakapaghahayag ng politikal na tirada ang mamamayan. Makikita kung gayon na may lawas ng tulansangan na hindi nakokontrol at nadidisciplina ng estado, kung kaya mula sa lawas na ito ng mga tulansangan mahuhugot ang pinakamapagtimbuwal na ekspresyong politikal at satirikang panlipunan. Ganito ang transgresibong potensiyal ng mga tulansangan.

Samakatuwid, sa gitna ng anarkismo ng naghaharing uri maging sa pampanitikan at pangkulturang produksyon, ang mamamayan, kabilang ang mga bata, organisado man o hindi, ay nakalilikha ng panitikang may sariling batas at praktika. Ito ang tinatawag na mga mekanismo ng mamamayan sa pag-unawa at pag-interpretat sa lipunang ginagalawan, kinabibilangan, at kinalalabasan. Ang praktika ng paglikha at distribusyon ng tulansangan, kung gayon, ay maaaring paghulasan at paghalawan. Kung maiaangkop ang mga tulansangan sa mas partikular na mga isyung panlipunan, maaari itong maging malakas na paraan ng pagtulang hindi lamang nanunudyo at nagpapatawa, kundi nagpapanibago.

PRIMARYANG BATIS

MGA TULANSANGAN

- Agpalo, Julianne B. 16 taong gulang. U.P. Diliman. Marso 2005.
- Apongol, Jeffrey P. 11 taong gulang. 21 Don Carlos St., Don Antonio Heights, Quezon City. Enero 21, 2007.
- Babila, John Michael, 12 taong gulang at John Mar Racal, 7 taong gulang. Rosal St., Payatas A, Quezon City. Marso 14, 2005.
- Babila, James Noah. 9 taong gulang. Rosal St., Payatas A, Quezon City. Marso 14, 2005.
- Banaag, Krystelle. 17 taong gulang. Batangas City. Marso 12, 2005.
- Buco, Kenneth. 10 taong gulang. Phase IV Palmera Homes, Fairview, Quezon City. Marso 10, 2005.
- Buco, Rachele. 12 taong gulang. Phase IV Palmera Homes, Fariview, Quezon City. Marso 10, 2005.
- Corbe, Francis. 16 taong gulang. Adela St., Brgy. Abar 1st, San Jose City, Nueva Ecija. Marso 10, 2005.
- Castro, Abigail. 10 taong gulang. Krus na Ligas, Quezon City. Enero 21, 2007.
- Cruz, Julie Ann. 9 na taong gulang. Krus na Ligas, Quezon City. Enero 21, 2007.
- David, Jhon Marvin C. 6 taong gulang. UP Village, Diliman, Quezon City. Enero 16, 2007.
- Diano, Rachele. 16 taong gulang. Novaliches, Quezon City. Marso 12, 2005.
- Gallano, Trisha. 11 taong gulang. Sunflower St., Payatas A, Quezon City. Marso 14, 2005.
- Gonzales, Nicko M. 9 na taong gulang. Cogeo, Antipolo City. Marso 15, 2005.
- Iglesia, Joshua Audrey Y. 8 taong gulang. 4 Nazareth St., Caniogan, Pasig City. Marso 15, 2005.
- Jarabeo, Kim, 6 na taong gulang; Tintin Santiago, 10 taong gulang; Divine Jane Ocbena, 8 taong gulang; Angel Obran, 11 taong gulang; at Rene Rose Obrar, 11 taong gulang. Marytown, Katipunan, Quezon City. Marso 16, 2005.
- Legaspi, Maria Teresa. 10 taong gulang. Krus na Ligas, Quezon City. Enero 21, 2007.
- Lester, Mark. 12 taong gulang. Pansol, Balara, Quezon City. Enero 22, 2007
- Pascual, Jin Patrick. 9 na taong gulang. Brgy. Krus na Ligas, Quezon City. Marso 2005.
- Perez, Liza Mae, 7 taong gulang, at Mary Anne Perez, 5 taong gulang. Tandang Sora, Quezon City. Enero 21, 2007.
- Pinaso, Romar James. 11 taong gulang. UP Village, Diliman, Quezon City. Enero 17, 2007.
- Rivera, Rodel John. 9 na taong gulang. Pansol, Balara, Diliman, Quezon City. Marso 15, 2005.
- Rosales, Riz. 7 taong gulang. Diliman Preparatory School, Quezon City. Marso 2005.
- Samonte, Abigail. 7 taong gulang. 860 Int. 9A Bonifacio St., Balintawak, Quezon City. Marso 2005.

Santos, Justin M. 12 taong gulang. Balara, Quezon City. Enero 21, 2007.

Santos, Raquel. 10 taong gulang. Ma. Fatima St., Dona Carmen Subdivision, Fairview, Quezon City. Marso 21, 2005.

Sinocruz, Jeanne Wendy S. 12 taong gulang. 49 K-1 B-1 Pansol, Quezon City. Enero 16, 2007.

MGA BINANGGIT NA AKDA AT SANGGUNIAN

Atienza, Monico M. "Ang Panitikang Bayan: Mga Panimulang Obserbasyon." Lagda. Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman, Hulyo 1992.

Balmaseda, Julian Cruz. Ang Tatlong Panahon ng Tulang Tagalog: Pag-aaral ng Kasaysayan at Pagkaunlad ng Tulang Tagalog mula noong 1600 hanggang sa Kasalukuyan. Bureau of Printing, Institute of National Language, vol. 4, no. 3, Aug. 1938.

Bakhtin, Mikhail. Rabelais and His World. Isinalin ni Helene Iswolsky, Indiana University Press, 1984.

Caoili, Manuel A. The Origins of Metropolitan Manila: A Political and Social Analysis. University of the Philippines Press, 1999.

Guerrero, Amado. Philippine Society and Revolution. Fifth ed. Aklat ng Bayan, Inc., 2006.

Guillermo, Gelacio. "Introduksyon." Muog: Ang Naratibo ng Kanayunan sa Matagalang Digmang Bayan sa Pilipinas. Instityut sa Panitikan at Sining ng Sambayanan (IPASA). University of the Philippines Press, 1998.

Lacaba, Jose F. "Mga Tulang Kalye." Kung Baga sa Bigas: Mga Piling Tula. University of the Philippines Press, 2002.

Manuel, E. Arsenio. "Ang Tanaga sa Panulaang Tagalog at Pilipino." Katipunan. Kagawaran ng Araling Pilipino, Ateneo de Manila, Marso 1971.

Marx, Karl. "Introduction to a Critique of Political Economy." The German Ideology. Inedit ni C.J. Arthur, International Publishers, 1995.

Mojares, Resil B. House of Memory. Anvil Publishing, Inc., 1997.

---. Waiting for Mariang Makiling: Essays in Philippine Cultural History. Ateneo de Manila University Press, 2002.

Panganiban, Jose Villa. Panitikan ng Pilipinas. Bede's Publishing Co., 1954.

Partido Komunista ng Pilipinas (M-L-M) Information Bureau. "Drug trafficking, added pretext for US military intervention – CPP." <http://www.philippinerevolution.net/cgi-bin/statements/releases.pl?refer=kr;date=070302;language=eng>. Inakses noong Marso 2, 2007.

Tadiar, Neferti Xina M. "Manila's New Metropolitan Form." Discrepant Histories: Translocal Essays on Filipino Cultures. Inedit ni Vicente L. Rafael, Anvil Publishing, Inc., 1995.

Tolentino, Rolando B. "It's A Crazy Planets': Modernidad sa Produksyong Pampanitikan sa Syudad." Diliman Review, vol. 49, nos. 1-2, 2001, pp. 97-101.

---. "Narko-analisis: Ang Kulturang Popular Bilang Diskurso." Diliman Review, vol. 47, nos. 3-4, 1999, pp. 121-130.